PAHAYAG SA IMPORMASYON TUNGKOL SA BAKUNA

# Bakuna sa MMRV (Measles, Mumps, Rubella, at Varicella): *Ano ang Kailangan Mong Malaman*

Many vaccine information statements are available in Tagalog and other languages. See www.immunize.org/vis

Maraming pahayag sa impormasyon tungkol sa bakuna ang available sa Filipino at iba pang wika. Tingnan ang www.immunize.org/vis.

## 1. Bakit dapat magpabakuna?

**Ang bakuna sa MMRV** ay puwedeng makapigil sa **measles (tigdas), mumps (biki), rubella**, at **varicella**.

- **Nagdudulot ang MEASLES (M)** ng lagnat, ubo, malabnaw na sipon, at mapula, nagtutubig na mata, na kadalasang sinusundan ng pamamantal sa buong katawan. Puwede itong mauwi sa pangingisay (na kadalasang may kasabay na lagnat), mga impeksyon sa tainga, pagtatae, at pneumonia. Bibihirang mangyari, pero puwedeng magdulot ang measles ng pinsala sa utak o pagkamatay.
- **Nagdudulot ang MUMPS (M)** ng lagnat, sakit ng ulo, pananakit ng kalamnan, pagkapagod, kawalan ng gana, at pamamaga ng mga glandula ng laway (salivary gland) sa ilalim ng mga tainga. Maaari itong mauwi sa pagkabingi, pamamaga ng utak at/o sa bumabalot sa spinal cord, masakit at pamamaga ng mga bayag (testicles) o obaryo, at, napakabibihirang mangyari, pero maaaring itong mauwi sa pagkamatay.
- **Nagdudulot ang RUBELLA (R)** ng lagnat, pananakit ng lalamunan, pamamantal, pananakit ng ulo, at iritasyon sa mata. Puwede itong magdulot ng arthritis sa kalahati ng mga kabataan at adultong babae. Kapag nagkaroon ang isang tao ng rubella habang nagbubuntis, puwede siyang makunan o maaaring maipanganak ang sanggol nang may malulubhang depekto sa pagsilang.
- **Nagdudulot ang VARICELLA (V)**, na tinatawag ding "bulutong-tubig (chickenpox)," ng makating pantal, karagdagan pa sa lagnat, pagkapagod, kawalan ng gana, at pananakit ng ulo. Maaari itong mauwi sa mga impeksyon sa balat, pneumonia, pamamaga ng mga daluyan ng dugo, pamamaga ng utak at/o ng bumabalot sa spinal cord, at impeksyon sa dugo, mga buto, o mga kasukasuan. Nagkakaroon ang ilang taong may bulutong-tubig ng makikirot na pantal na tinatawag na "kulebra (shingles)" (na kilala ring herpes zoster) paglipas ng ilang taon.

Ang karamihan ng taong nabakunahan ng MMRV ay magiging protektado sa buong buhay nila. Dahil sa mga bakuna at mataas na antas ng pagpapabakuna, naging mas bibihira ang mga sakit na ito sa United States.

## 2. Bakuna sa MMRV

Maaaring ibigay ang bakuna sa MMRV sa **mga batang 12 buwan hanggang 12 taong gulang**, kadalasan nang:

- Unang dosis sa edad na 12 hanggang 15 buwan
- Ikalawang dosis sa edad na 4 hanggang 6 na taon

Puwedeng isabay ang pagtuturok ng bakuna sa MMRV sa iba pang bakuna. Sa halip na MMRV, maaaring makatanggap ang ilang bata ng hiwalay na bakuna para sa MMR (measles, mumps, at rubella) at varicella. Mabibigyan ka ng iyong health care provider ng higit pang impormasyon.

## 3. Makipag-usap sa iyong health care provider

Sabihin sa magtuturok ng bakuna kung ang tuturukang tao ay:

- Nagkaroon na ng **allergic na reaksyon pagkatapos maturukan ng naunang dosis ng bakuna sa MMRV, MMR, o varicella**, o mayroong anumang **malala at nakakapagsapanganib ng buhay na allergy**
- **Buntis** o naghihinalang siya ay buntis—hindi dapat bigyan ng bakuna sa MMRV ang mga buntis
- May **mahinang immune system**, o may **magulang o kapatid na may history ng namamana o mula sa pagkasilang na problema sa immune system**
- Nagkaroon na ng **kondisyong nagdulot sa kanya na madaling magkapasa o magdugo**
- May **history ng mga pangingisay (seizure)**, o may **magulang o kapatid na may history ng mga pangingisay**
- **Umiinom o planong uminom ng mga salicylate** (gaya ng aspirin)
- Kamakailang **nagpasalin ng dugo o nakatanggap ng ibang produktong dugo**
- Nagkaroon ng **tuberkulosis**
- **Nakatanggap ng anumang iba pang bakuna sa nakaraang 4 na linggo**

Sa ilang kaso, maaaring magdesisyon ang iyong health care provider na ipagpaliban ang bakuna sa MMRV hanggang sa susunod na pagbisita o magrekomenda na tumanggap ang bata ng hiwalay na bakuna para sa MMR at varicella kaysa sa MMRV.

Puwedeng mabakunahan ang mga taong may mga banayad na karamdaman, gaya ng sipon. Kadalasang kailangang maghintay ng mga batang may bahagya o malalang karamdaman hanggang sa gumaling sila bago magpaturok ng bakuna sa MMRV.

Mabibigyan ka pa ng iyong health care provider ng higit pang impormasyon.

U.S. Department of Health and Human Services
Centers for Disease Control and Prevention

## 4. Mga panganib sa pagkakaroon ng reaksyon sa bakuna

- Maaaring mangyari ang pamamaga mula sa turok, pamumula ng pinagturukan, lagnat, at banayad na pamamantal pagkatapos ng pagpapabakuna para sa MMRV.
- Minsan, maaaring magkaroon ng pamamaga ng mga glandula sa mga pisngi o leeg o ng pansamantalang pananakit at paninigas sa mga kasukasuan pagkatapos ng pagpapabakuna para sa MMRV.
- Puwedeng mangyari ang mga pangingisay, na madalas na nauugnay sa lagnat pagkatapos ng bakuna sa MMRV. Mas mataas ang panganib na magkaroon ng mga pangingisay pagkatapos ng MMRV kaysa kung hiwalay na matuturukan ng bakuna sa MMR at varicella kung ibibigay ang unang dosis ng dalawang dosis sa mga bata. Mapapayuhan ka ng iyong health care provider tungkol sa mga angkop na bakuna para sa iyong anak.
- Madalang mangyari ang mas malulubhang reaksyon, kabilang ang pansamantalang mababang antas ng dami ng platelet, na maaaring magdulot ng hindi pangkaraniwang pagdurugo o pamamasa.
- Sa mga taong may malulubhang problema sa immune system, maaaring magdulot ang bakuna ng impeksyon na posibleng nakakapagsapanganib ng buhay. Hindi dapat tumanggap ng bakuna sa MMRV ang mga taong may malulubhang problema sa immune system.

Kung magkaroon ng pamamantal ang isang tao pagkatapos ng pagpapabakuna para sa MMRV, puwedeng nauugnay ito sa sangkap ng bakuna para sa measles o sa varicella. Puwedeng maipasa ang virus sa bakuna ng varicella sa isang taong walang proteksyon. Ang sinumang magkaroon ng pantal ay dapat lumayo mula sa mga sanggol at taong may mahinang immune system hanggang sa mawala ang pamamantal. Makipag-usap sa iyong health care provider para malaman ang higit pang impormasyon.

Ang ilang taong nabakunahan laban sa bulutong-tubig ay maaaring magkaroon ng kulebra (shingles o herpes zoster) paglipas ng ilang taon. Mas bibihira ito pagkatapos ng pagpapabakuna kaysa pagkatapos ng pagkakaroon ng sakit na bulutong-tubig.

May mga taong nahihimatay pagkatapos ng mga medikal na procedure, kabilang ang pagbabakuna. Sabihin sa iyong provider kung mahilo ka o may mga pagbago sa iyong paningin o pag-ugong sa mga tainga.

Kagaya ng ibang gamot, may napakabihirang pagkakataon na magdulot ang bakuna ng malubhang allergic na reaksyon, iba pang seryosong pinsala, o pagkamatay.

## 5. Paano kung magkaroon ng seryosong problema?

Puwedeng magkaroon ng allergic na reaksyon pagkaalis sa klinika ng binakunahan. Kung makakita ka ng mga malulubhang allergic na reaksyon (mga pamamantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, hirap sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, o panghihina), tumawag sa **9-1-1** at dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital.

Para sa ibang palatandaan na ikinababahala mo, tawagan ang iyong haelth care provider.

Dapat iulat ang malulubhang reaksyon sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). Kadalasang ang iyong health care provider ang mag-uulat nito, o puwedeng ikaw mismo ang gumawa nito. Bisitahin ang website ng VAERS sa **www.vaers.hhs.gov** o tumawag sa **1-800-822-7967**. *Ang VAERS ay para lang sa pag-uulat ng mga reaksyon, at hindi nagbibigay ang mga staff ng VAERS ng medikal na payo.*

## 6. National Vaccine Injury Compensation Program

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) ay isang pederal na programa na ginawa para magbigay ng kompensasyon sa mga taong posibleng napinsala ng ilang partikular na bakuna. Ang mga claim tungkol sa sinasabing pinsala o pagkamatay dahil sa pagbabakuna ay may limitasyon sa panahon ng pag-file, na puwedeng kasing-ikli lang ng dalawang taon. Bumisita sa website ng VICP sa **www.hrsa.gov/vaccinecompensation** o tumawag sa **1-800-338-2382** para malaman ang tungkol sa programa at tungkol sa pag-file ng claim.

## 7. Paano ko malalaman ang higit pang impormasyon?

- Magtanong sa iyong health care provider.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Bumisita sa website ng Food and Drug Administration (FDA) para sa mga vaccine package insert at karagdagang impormasyon sa **www.fda.gov/vaccines-blood-biologics/vaccines**.
- Makipag-ugnayan sa Centers for Disease Control and Prevention (CDC):
  - Tawagan ang **1-800-232-4636** (**1-800-CDC-INFO**) o
  - Bumista sa website ng CDC sa **www.cdc.gov/vaccines**.

Tagalog translation provided by California Department of Public Health, Immunization Program